4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 3

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 3: Aralin 5 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Ethel Ronquillo-Burgos (Silliman University)

**Tagasuri:**

- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran katuwang ang kapuwa upang makaiwas sa mga sakit. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pagpapanatili ng kalinisan katuwang ang kapuwa upang makaiwas sa mga sakit bilang tanda ng pagiging malinis. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naipakikita ang pagiging malinis sa pamamagitan ng pagtupad sa mga nakatakdang gawain ng paglilinis sa sariling tahanan at paaralan.**<br>1. Natutukoy ang mga situwasyon at paraan ng pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran katuwang ang kapuwa.<br>2. Napatutunayan na ang pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran katuwang ang kapuwa upang makaiwas sa mga sakit ay bahagi ng tungkuling pangalagaan ang sarili, ibang tao, at kapaligiran tungo sa malusog na katawan at isip.<br>3. Nailalapat ang mga paraan ng pagpapanatili ng kalinisan katuwang ang kapuwa upang makaiwas sa mga sakit. |
| **D. Nilalaman** | Pagpapanatili ng Kalinisan sa Kapaligiran Katuwang ang Kapuwa upang Makaiwas sa mga Sakit.<br>1. Mga Sanhi o mga Bagay na Nag-Uudyok sa Pagpapanatili ng Kalinisan ng Kapaligiran<br>2. Kahalagahan ng Pagpapanatili ng Kalinisan ng Kapaligiran |
| **E. Integrasyon** | *Environment*: Kalinisan ng kapaligiran<br>*Science*: Mga Pamamaraan ng Pag-iwas ng sakit at pagpapanatili ng kalinisan |


**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

Del Castillo, F. A. (2013). Teaching Values Using Creative Strategies. Quezon City: Great Books Publishing

Department of Education (n.d.). MATATAG Curriculum: Good Manners and Right Conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values Education (VE) (Baitang 7-10)

*Edwin Quismundo - Kuwentong Aray 1990*. (n.d.). SoundCloud. https://soundcloud.com/edwin_quismundo/edwin-quismundo-kuwentong-aray-alpha-1990

Ponchaisang, S. (n.d.). *Cute asian child girl throwing plastic glass in recycling trash*. Dreamstime. https://www.dreamstime.com/cute-asian-child-girl-throwing-plastic-glass-recycling-trash-bin-public-park-image127258215
*Two kids sweeping leaves Park Illustration Stock Vector (Royalty Free) 657878998 | Shutterstock*. (n.d.). Shutterstock. https://www.shutterstock.com/image-vector/two-kids-sweeping-leaves-park-illustration-657878998
*The 5 R's: Refuse, reduce, reuse, Repurpose, recycle*. (n.d.). https://www.roadrunnerwm.com/blog/the-5-rs-of-waste-recycling
Villanueva, V. M. (2018). #ABKD (AKO BIBOKASE DAPAT). Makati City: VMV11483 Book Publishing House
*What motivates people to protect nature? | 5 Answers from Research papers*. (n.d.). SciSpace - Question. https://typeset.io/questions/what-motivates-people-to-protect-nature-3hznzfwxh4

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**Pansimulang Gawain**<br><br>**#BALIK-TANAW. Pundasyon ang Nakaraan sa Matatag at Matibay na Patutunguhan**<br><br>Sagutin ang sumusunod na mga tanong:<br><br>1. Ikaw ba ay mapagkumbaba? Oo o hindi? Kung oo ang sagot, sagutin ang pangalawang tanong gamit ang mapa ng kaalaman. Kung hindi, ipaliwanag kung bakit?<br><br>**#MAPA NG KAALAMAN. Lokasyon ng Kabatiran, Pook na Dapat Puntahan**<br><br><br> | Ang pagbabalik-tanaw na gawain ay naglalayong matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang kahalagahan ng pagiging mapagkumbaba. Ang aktibidad na ito ay nagbibigay ng *feedback* sa guro upang malaman kung naintindihan ng mag-aaral ang mga aral at mensahe ng nakaraang aralin.<br><br>Hikayatin ang mag-aaral na sagutin ang mapa ng kaalaman. Sa gawaing ito masusukat ang kaalaman kung taglay ba o kung tunay na naipatupad o naisabuhay ng mag-aaral ang mga aral sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.<br><br>**Mga posibleng sagot sa tanong #2:** Paano mo maipapakita na ikaw ay mapagkumbaba?<br>1.Kapag nagkakamali, handang aminin ito at magpakita ng |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>3. Bakit kailangan nating maging mapagkumbaba sa ating kapuwa?<br><br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________</td>
<td>pagsisisi nang walang kahit anong palusot.<br>2. Iwasan ang pagyayabang at pagmamataas sa sarili. Ituring ang lahat ng tao ng pantay-pantay.<br>3. Makinig ng buong puso sa opinyon at saloobin ng iba, at ipakita ang pagpapahalaga sa kanilang perspektiba.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>Panghikayat na Gawain<br><br>KANTA-SURI.<br><br>1. Ipakilala ang kantang “Kuwentong Aray” ni Edwin Quismundo sa klase sa pamamagitan ng isang video o kaya ay awitin ito kasama ang buong klase.<br><br>Kanta: Kwentong Aray ni Edwin Quismundo<br><br>Minsang ako'y naglalakad sa may tabing-dagat,<br>Ako ay may nakitang alimangong umiiyak.<br>Itinanong ko kung bakit, ako ay biglang binatukan,<br>Wika'y, “Nagtatanong ka pa, taong tampalasan!”<br><br>“Nilalapastangan ninyo ang dagat,<br>Inaabusong walang sawa't walang puknat!<br>Tinatapunan ninyo ng duming nakalalason,<br>Dapat kayo ay sipitin ang ilong!”<br><br>“Aray! Aray!” ang sabi ko, “Pare kong alimango,<br>Ako ay walang nalalaman sa sinasabi mo.<br>Sino ang umabuso? Sino ang lumapastangan?<br>Wala naman akong kasalanan! Aray! Aray!<br><br>Kahapon ng hapon naman ay nasalubong ko,<br>Baboy-damong matutulis ang pangil at kuko.<br>Wala na raw siyang matirhang gubat sa kabundukan,<br>Wala na rin daw makain, kaya siya nagkandaduling-duling.</td>
<td>Gawain: KANTA-SURI<br><br>Ang Kanta-Suri ay isang proseso ng masusing pagsusuri o pag-aaral ng iba't ibang aspekto ng isang kanta. Karaniwang kasama dito ang pagtukoy sa mga elemento tulad ng lyrics, melodiya, tono, ritmo, estruktura, at iba pang bahagi ng musika upang maunawaan ang kabuoang mensahe o kahulugan ng kanta.<br><br>Sa gawaing ito, susuriin ng mag-aaral ang mensahe ng liriko o mga salita ng kanta.<br><br>Mga posibleng kaalaman na mabubuo ng bawat pangkat:<br><br>Pangkat 1: Mga isyu o problema ng karagatan o tubig<br><br>Pangkat 2: Mga isyu o problema ng kagubatan o lupa</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | *"Bakit mga gubat ay inubos ninyo?"*<br>*Galit na wika ng baboy-damo.*<br>*Sa takot, ako'y tumakbong ubod-bilis.*<br>*Habol ako ng pangil niyang matulis!*<br><br>*"Aray! Aray!" ang sabi ko, "Pare kong baboy-damo.*<br>*Ako ay walang nalalaman sa sinasabi mo.*<br>*Naubos ang gubat? Bakit sa'kin ibibintang?*<br>*Wala naman ako'ng kasalanan! Aray! Aray! Aray!*<br><br>*Kaninang tanghali, pagdungaw ko sa bintana,*<br>*Ako ay may natanaw na kilyawang namumutla.*<br>*Lumipad at dumapo sa balikat ko, bumulong sa'kin:*<br>*"Iba na ang simoy ng hangin, hindi mo ba napapansin?"*<br><br>*"Ang singaw ng himpapawid ngayon,*<br>*Umiinit at parang amoy karbon.*<br>*At ang tubig ulan kong nainom,*<br>*May lasang asido, bakit gano'n?"*<br><br>*"Aray! Aray!" Ang tenga ko'y biglang tinuka ng kilyawan!*<br>*Wika'y, "Kayo ang sumisira sa sandaigdigan!"*<br>*"Aray! Aray!" sabi ko'y, "Wala naman akong kasalanan."*<br>*"Sa asido at karbon, ano'ng aking kinalaman?"*<br>*"Aray, aray! Aray, aray! Aray, aray!"*<br><br>2. Ibigay ang gabay na mga tanong para sa mga grupo:<br>● Ano ang mga mensahe na nais iparating ng may-akda?<br>● Anong uri ng mga problema ang ipinakita sa kanta?<br>● Sa mga problemang binanggit sa kanta, ano anong mga posibleng sakit ang maaaring maranasan ng mga tao?<br>3. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Masusing suriin ang iba't-ibang bahagi ng kantang "Kuwentong Aray" ni Edwin Quismundo upang maunawaan ang mensahe nito.<br><br>Unang Pangkat: liriko 1 hanggang 3<br>Ikalawang Pangkat: liriko 4 hanggang 6<br>Ikatlong Pangkat: liriko 7 hanggang 9 | **Pangkat 3**: Mga isyu o problema ng hangin |

**#SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano-anong mga aral ang iyong natutuhan sa kantang "Kuwentong Aray?"
2. Bakit kinakailangang mamulat ang isipan natin sa ganitong mga isyu o problema?
3. Paano ka makatutulong sa mga isyu o problemang ito?

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

Ang pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran katuwang ang kapuwa upang makaiwas sa mga sakit ay mahalaga sa pangkalahatan na kalusugan ng tao. Ang malinis na kapaligiran ay nagbibigay ng proteksiyon laban sa mga mikrobyo at *pathogen* na maaaring maging sanhi ng iba't ibang uri ng sakit. Ang kalinisan sa kapaligiran ay hindi lamang para sa sariling kalusugan kundi pati na rin para sa kalusugan ng iba at sa pangkalahatang kalusugan ng komunidad. Sa kabuoan, ang pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran ay isang pangunahing hakbang sa pagpapabuti ng kalusugan ng tao at pagpapalaganap ng mas maayos na pamumuhay sa komunidad.

**KWL Tsart.** Punan o sagutan lamang ang una at ikalawang hanay ng dayagram.

| **Tema: Pagpapanatili ng Kalinisan sa Kapaligiran** | | |
|---|---|---|
| Alam ko<br>*(What I **K**now)* | Nais kong Matutuhan<br>*(What I **W**ant to Know)* | Natutuhan ko<br>*(What I **L**earned)* |
| | | |

**Gawain: KWL Tsart**

Ang layunin ng KWL tsart ay para maihanda ang mag-aaral sa mga impormasyon na alam na niya, kailangan pa niyang malaman, at upang maihanda siya sa panibagong aralin o paksa.

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Mga Sanhi o mga Bagay na Nag-Uudyok sa Pagpapanatili ng Kalinisan ng Kapaligiran**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang mga tao ay nahihikayat na alagaan ang kalikasan sa iba't ibang dahilan. May iba't-ibang aspekto ng buhay na nag-uudyok sa mga tao na makiisa sa pangangalaga ng kalikasan:<br>a. Ang pangangalaga sa sariling kalusugan na umiwas sa anumang sakit at kalusugan ng komunidad ay nag-uudyok sa mga tao na panatilihin ang kalinisan ng kapaligiran na nagbibigay ng malinis na hangin at tubig.<br>b. Etikal na responsibilidad sa kalikasan at ang moral na prinsipyo ng paggalang dito ay maaaring maging motibasyon ng mga tao na alagaan ito.<br>c. Trahedya at walang tiyak o kasiguraduhan na pagtingin o pananaw sa kalikasan ay maaaring magdulot ng mas mabuting pag-unawa at mas malalim na pagpapahalaga, na nagtutulak sa mga indibidwal na alagaan ito. Dahil na rin sa panganib ng kalamidad, ang pangangalaga sa kalikasan ay nagiging prayoridad dahil sa pangangailangan na maiwasan ang panganib ng kalamidad tulad ng pagbaha at pagguho ng lupa.<br>d. Ang pag-unawa sa sosyal na responsibilidad at papel ng bawat isa sa pangangalaga sa kalikasan ay nagbibigay inspirasyon sa kolektibong pagkilos.<br>e. Ang mga programa at kampanya para sa edukasyon sa kalikasan ay naglalagay diin sa kahalagahan ng kalinisan ng kapaligiran.<br>f. Ang paggamit ng teknolohiya, tulad ng mga aplikasyon para sa pagre-report ng *environmental issues*, ay nagpapadali sa pakikipagtulungan ng komunidad sa pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran.<br>g. Ang kagandahan at linis ng kapaligiran ay nagbibigay inspirasyon sa mga tao na panatilihin ito para sa mas magandang tanawin at karanasan.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**SURI-SARILI.** Suriin ang sarili ayon sa iyong karanasan kung ang mga sumusunod na situwasyon ay ginagawa mo o hindi at ipaliwanag ang dahilan kung bakit. | **Kaugnay na Paksa 1**<br>Ang layunin ng paksang ito ay upang matukoy ng mag-aaral ang mga sanhi o mga bagay na nag-uudyok sa pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran. Maaaring dagdagan pa ang mga sanhi ayon sa pagbabahagi ng iba't-ibang karanasan.<br><br>**SURI-SARILI**<br>Ang gawain na ito ay naglalayong matukoy at maintindihan ng mag-aaral ang |

| SITUWASYON | OO | HIN-DI | DAHILAN |
|---|---|---|---|
| 1. Gumagamit ba ako ng mga *reusable* na *bag*, lalagyan, at bote ng tubig upang mabawasan ang paggamit ng *single-use plastics*? | | | |
| 2. Pinapatay ko ba ang ilaw, *appliances, at electronics* kapag hindi ginagamit? | | | |
| 3. Naliligo ba ako ng mas maikli at pinapatay ang gripo habang nagsisipilyo ng ngipin? | | | |
| 4. Gumagamit ba ako ng pampublikong transportasyon, mag-*carpool*, o mag-*bike* para mabawasan ang *carbon emissions* at para makatipid? | | | |
| 5. Tinatanggihan ko ba ang paggamit ng *single-use plastic bags*, *straw*, at kubyertos? | | | |
| 6. Sumusunod ba ako sa patakaran ng aming paaralan sa tamang pangangalaga ng kalinisan tulad ng wastong pagtapon ng basura at pagsali sa mga gawaing pangkalinisan? | | | |
| 7. May kaalaman ba ako tungkol sa mga isyu sa kalikasan? | | | |
| 8. Sumasali ba ako na mag-organisa ng mga lokal na paglilinis upang matulungan ang komunidad na maging malinis? | | | |
| 9. Nagbibigay ba ako ng mga lumang damit sa halip na itapon ito? | | | |
| 10. Naglilinis ba ako ng aking tahanan kasama ang aking pamilya upang umiwas sa anumang sakit? | | | |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**#SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Bakit mahalagang matutuhan ang sanhi o mga bagay na nag-uudyok sa pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran? ______________________________
______________________________________________
2. Magbigay ng isang makabuluhang aral na iyong natutuhan sa paksang ito.
______________________________________________
______________________________________________

kahalagahan ng kalinisan sa pamamagitan ng sariling pagsusuri.

Paalala: Ang mga sagot ng mag-aaral sa gawaing ito ay magkakaiba depende sa karanasan ng bawat isa. Kinakailangan bigyan ng paalala ang mag-aaral na respetuhin ang sagot o opinion ng bawat isa.

| | | |
|---|---|---|
| | **IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Kahalagahan ng Pagpapanatili ng Kalinisan ng Kapaligiran**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang kalinisan ng ating tahanan ay tunay na konektado sa kaligayahan at kagalingan ng ating pamilya. Ito ay nakakaapekto sa ating mga relasyon, kalusugan sa isip, at kabuoang kalidad ng buhay. Sa pamamagitan ng pagtanggap ng kalinisan bilang isang halaga o *values* ng pamilya, pagsasama-sama ng lahat sa mga gawain ng paglilinis, at paglikha ng isang payapa at maayos na tahanan – maaari nating gamitin ang positibong epekto ng kalinisan upang palakasin ang mga ugnayan sa pamilya at itaguyod ang isang mas masaya at mas maayos na buhay pamilya. Ang kalinisan ay hindi lamang tungkol sa pag-aayos ng mga bagay, ito ay nagpapalakas sa puso ng kaligayahan ng ating pamilya.<br><br>1. Ang isang malinis at maayos na tahanan ay **nakakapagbaba ng antas ng *stress*** para sa lahat ng miyembro ng pamilya. Ang resulta ay isang mas **mapayapang atmospera** kung saan ang lahat ay maaaring magpahinga at magkaugnay nang hindi naaapektuhan ng gulo.<br><br>2. Ang paglilinis at pag-organisa ay maaaring maging isang aktibidad ng pamilya na **nagtataguyod ng pagkakaisa**. Kapag lahat ay nagtutulungan, lumilikha ito ng pakiramdam ng pagsasalo-salo at tagumpay. Ang mga pamilyang naglilinis nang magkasama ay madalas na nag-uulat ng mas matibay na mga pagsasama at mas bukas na komunikasyon.<br><br>3. Ang pagsasama ng mga bata sa mga gawain ng paglilinis ay **nagtuturo sa kanila ng mahahalagang kakayahan sa buhay o *life skills* at ng pakiramdam ng responsibilidad**. Natututo silang magpanatili ng isang tahanan, mag-ambag sa pamilya, at ipagmalaki ang kanilang mga pagsisikap. Ang mga aral na ito ay malayo ang mararating sa kanilang personal na pag-unlad.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**ANO-BAKIT.** Suriin ang ipinapakita ng bawat larawan. Alamin kung ano ang ginagawa at kung bakit ito ginagawa. | **Kaugnay na Paksa 2**<br>Ang paksang ito ay naglalayon na maunawaan ng mag-aaral ang kahalagahan ng pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran. Ang kahalagahang ito ay hindi lamang pansarili kundi para sa kapakanan ng pangkalahatan. |

| | |
|---|---|
|  | Ano: ____________________________<br>____________________________<br>Bakit: ____________________________<br>____________________________ |
|  | Ano: ____________________________<br>____________________________<br>Bakit: ____________________________<br>____________________________ |
|  | Ano: ____________________________<br>____________________________<br>Bakit: ____________________________<br>____________________________ |
|  | Ano: ____________________________<br>____________________________<br>Bakit: ____________________________<br>____________________________ |

**ANO-BAKIT**

Sa gawaing ito, maipapamalas ng mag-aaral ang mga kadahilanan at sanhi na nag-uudyok na mapanatili ang kalinisan ng kapaligiran.

Halimbawa:

1. **Ano**: Pagtapon ng basura sa tamang lalagyan

**Bakit**: Ginagawa ito para hindi magkalat ang dumi sa paligid at para na rin ma- *recycle* ang mga basurang puwede pang magamit. Ito ay isa sa mga maaambag natin sa pag-iingat natin sa kalikasan upang maiwasan ang polusyon sa hangin, dagat, at iba pa na maaaring magdulot ng napakaraming sakit.

2. **Ano**: Pagtatanim ng puno

**Bakit**: Makakatulong itong magbigay ng sariwang hangin at pagpigil sa mga *landslides* at baha.

3. **Ano:** Paggamit ng bisikleta sa pagpunta sa paaralan

**Bakit:** Ito ay isang alternatibong transportasyon na hindi nagdudulot ng polusyon sa hangin na maaaring magdulot ng sakit sa atin.

| | | |
|---|---|---|
| | <br>Ano: ______________________<br>______________________<br>Bakit: ______________________<br>______________________<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**#SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**<br>Sagutin ang sumusunod na mga tanong:<br>1. Ano ang kahalagahan ng pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran?<br>______________________<br>______________________<br>2. Sa ngayon, ano ang iyong tungkulin sa pamilya na napanatili mong gampanan?<br>______________________<br>______________________ | 4. **Ano:** *Coastal Clean-up*<br>**Bakit:** Ang pamamaraan na ito ay nakakatulong sa kalinisan ng karagatan at iba pang anyo ng tubig.<br>5. **Ano:** Paglilinis o pagwawalis<br>**Bakit:** Ito ay makakatulong sa pag-iwas ng sakit upang maganda at malinis tingnan ang paligid. |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**Kumpletuhin ang Pangungusap**.<br><br>1. Para sa akin, ang pagpapanatili sa kalinisan ng ating kapaligiran ay ___________<br>______________________<br>2. Ang pagpapahalaga sa kalinisan ay dapat gampanan ng bawat isa dahil _______<br>______________________<br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto** | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Gawain: #DYORNAL. Ibahagi ang Detalye ng Sarili at Saysay ng Pangyayari**<br>Sumulat ng personal na reaksyon, opinyon, o suhestiyon sa pinag-aralang paksa. Gawin ang gabay na ito sa pagsusulat ng iyong dyornal:<br><br>Unang talata – Maikling buod ng iyong natutuhan mula sa aralin.<br>Ikalawang talata – Batay sa iyong mga natutuhan, paano ito nakakaapekto sa iyong pag-iisip, damdamin, o pananaw bilang isang mag-aaral? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Tama o Mali: Bilugan ang "T" kung Tama at "M" kung Mali. (1 punto bawat tanong).<br>1. [T/M] Ang kakulangan ng impormasyon sa tamang pagtapon ng basura ay isa sa mga dahilan ng maruming kapaligiran.<br>2. [T/M] Bawat isa sa atin ay may responsibilidad na alagaan ang kalikasan.<br>3. [T/M] Ang simpleng pag-aalaga sa ating sarili ay nakakatulong upang mapangalagaan ang ating kapaligiran.<br>4. [T/M] Hindi natin kailangan ang isa't-isa para mapanatili ang kalinisan ng ating kapaligiran.<br>5. [T/M] Ang paggawa ng ating mga tungkulin tulad ng paglilinis ay nagtuturo sa atin ng mahahalagang kakayahan sa buhay o *life skills*.<br><br>**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>**KWL Tsart.** Balikan ang gawain sa KWL tsart at sagutan ang ikatlong hanay "Natutuhan ko." | **Mga tamang sagot:**<br>1. T<br>2. T<br>3. T<br>4. M<br>5. T |

| **Tema: Pagpapanatili ng Kalinisan sa Kapaligiran** | | |
|---|---|---|
| Alam ko<br>*(What I **K**now)* | Nais kong Matutuhan<br>*(What I **W**ant to Know)* | Natutuhan ko<br>*(What I **L**earned)* |
| | | |

<table>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td></tr>
</table>